



Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Mayo, 2017

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

● Flower Festival Commemorative Park Rose Festival sa Tagsibol ~ Daigdig ng mga Rosas Para sa Iyo ~

Gaganapin ang rose festival ngayong tagsibol sa Flower Festival Commemorative Park na kilalang pinaka malawak



Tema ng Hardin ng Rosas

na hardin ng mga rosas sa buong mundo. Sa New Rose Garden ng parke ay makikita kaagad ang pinakabagong uri sa buong mundo. Magkakaroon ng 「Pamilihan sa Daigdig ng mga Rosas at Kapiterya」 sa Sabado at Linggo.

Sa panahong ring ito ay limitadong magbebenta ng makulay at malinamnam na espesyal na obento at saganang gourmet. Masiyahan sa 「pagmamasid, pamimili at pagkain」.

Huwag palampasin ang 37 araw na masiyahan sa pumapailanlang na kaaya-ayang halimuyak at naggagandahang rosas sa malawak na kapaligiran.

◆**Petsa:** Mayo 13 (Sabado) ~ Hunyo 18 (Linggo)

◆**Lugar:** Flower Festival Commemorative Park
(Kani- shi, Seta 1584-1)

※Para sa detalye ng impormasyon ng ebento, tignan ang website.

◆ **Admission Fee:** Adulto ¥1,000, Senior High School pababa ay libre

◆**Para sa mga Katanungan:** Flower Festival Commemorative Park ☎0574- 63- 7373
(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanapng salita:**花フェスタ記念公園

●Populasyon sa Prepektura

2,019,546 (Nabawasan ng 1,134 katao)

Lalaki: 978,431 (Nabawasan ng 499 katao)

Babae: 1,041,115 (Nabawasan ng 635 katao.)

※Pebrero 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa () ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモダより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televised

(Palabas) Huwebes 18:53 - 18:57

(Replay) Linggo 20:56 - 21:00

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang "d" button para makuha ang lokal na impormasyon



● The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu Kasaysayan ng 「International Ceramics Festival MINO」, 1986—2014

Ang ginaganap ng isang beses sa tatlong taon na International Ceramics Festival MINO ay isang paligsahan ng modernong sining ng seramika na may



Dorothy Feibleman "Asymmetry", 1998
Museum of Modern Ceramic Art, Gifu

mataas na kalidad sa loob at labas ng bansa.

Bilang paggunita sa ika-11 eksibisyon na gaganapin sa taglagas sa taong ito, sa mga koleksyon ng museum na ito ay nasa eksibit ang mga pinagsama-samang pangunahing gawa mula sa mga nagwaging obra maestra at ipakikilala rin ang kasaysayan at tagumpay ng mga ito.

◆**Petsa:** Abril 25 (Martes) ~ Hulyo 2 (Linggo)

◆**Lugar:** The Museum of Modern Ceramic Art Gifu
(Tajimi- shi, Higashi- machi 4-2-5)

◆**Admission Fee:**

Adulto ¥330

College/University Student ¥220

Senior High school student pababa ay libre

◆**Para sa mga Katanungan:**

The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
☎0572- 28- 3100

(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanapng salita:** 岐阜県現代陶芸美術館

Kahon ng Impormasyon

Pangangalap Nangangalap ng mga Ipinagmamalaking Hardin at Taniman ng Bulaklak sa Bahay, Trabaho at iba pa

Magsasagawa ng Ika-2 Paligsahan sa Dekorasyon ng mga Bulaklak ng Seiryu no Kuni Gifu. Maging sariling rekomendasyon o rekomendasyon ng iba ay nangangalap para sa mga nasa Gifu ng mga bahay na may dekorasyon ng bulaklak at halaman ang hardin at balkonahe, pampublikong pasilidad na may taniman ng bulaklak, mga opisina ng kumpanya na may halaman sa dingding at iba pa.

- **Panahon na Sakop** : Hunyo 1 (Huwebes) - 30 (Biyernes)
- **Paraan ng Aplikasyon** : Mangyaring punan ng kinakailangang impormasyon ang application form at isumite ito sa pamamagitan ng koreo o e-mail. May mga nakalagay na form sa mga convenient stores, flower shops atbp. sa Prepektura, maliban dito ay maaari ring makakuha mula sa website.
- **Deadline ng Aplikasyon** : Hunyo 30 (Biyernes) balidong tatak ng koreo
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan**:
Seiryu no Kuni Gifu Flower Promotion Strategy Office (Gifu Prefectural Agriculture and Horticulture Division)
☎058-272-8428 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2692
- **Hanaping salita**: 清流の国ぎふ花かざりコンテスト

Impormasyon 「Gifu Seiryu Bunka Plaza 3rd Min'yō Festival」 - Gaganapin

Ang mga miyembro ng Gifu Prefecture Min'yō Research Society ay magdaraos ng isang Pagtatangahal ng min'yō, isang trdisiyonal na katutubong awit. Inaasahan naming ang inyong pagdalo.

- **Petsa**: Mayo 21 (Linggo); 12:00nn umpisa 11:30 magbubukas ang venue (iskedyul)
- **Lugar**: Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi, Gakuen-machi, 3-42)
- **Kapasidad**: 450 na katao
- **Admission Fee**: Libre (hindi kailangan ng aplikasyon)
- **Para sa mga Katanungan**: Gifu Prefectural Education and Culture Foundation
☎058-233-8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- **Hanaping salita**: ぎふ清流文化プラザ 文化振興事業

Pangangalap Nangangalap ng mga Aplikante para sa Masayang Klase ng Makasaysayang Takayama Jinya

Magdaraos ng klase sa kasaysayan ng rehiyon na may temang "Masayang Pag-aralan ang tungkol sa mga kamangha-manghang kasaysayan ng rehiyon"

- **Petsa at Oras**: Sabado Hunyo 3, Hunyo 10, Hunyo 24 at Hulyo 1 ng 10:00~ 12:00nn
- **Lugar**: Takayama Jinya (Takayama-shi, Hachiken-machi, 1-5)
- **Kapasidad**: 20 katao bawat klase, first come, first served
- **Target**: Estudyante sa elementarya, grade 4-6 at ang kanilang pamilya
- **Bayad**: Libre
- **Paraan ng Aplikasyon** : Tumawag sa Telepono o mag-FAX
- **Deadline ng Aplikasyon** : Mayo 25 (Huwebes)
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan**: Takayama Jinya Management Office
☎0577-32-0643 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 0577-32-0612

●**Hanaping salita:** 高山陣屋

Pangangalap Tumatanggap na ng mga Aplikante sa Eksaminasyon para sa mga magiging Empleyado ng Prepektura (College Degree atbp.)

●**Araw ng Pagsubok/Petsa :** Pangunahin Exam Hunyo 25 (Linggo)

●**Lugar ng Test:** Gifu-shi

●**Para sa Aplikasyon :** Ipamamahagi ng Personnel Commission Secretariat ang mga application forms, bawat regional office, Tokyo Office, atbp. Mula Abril 12 (Biyernes)

Maaari ring humiling ng application form sa pamamagitan ng koreo o i-download ang form mula sa website.

●**Tanggapan :** Mayo 2 (Martes) - 19 (Biyernes) balidong tatak ng koreo

*Mangyaring suriing mabuti ang mga detalye sa gabay sa Pag-susuri.

●**Para sa Aplikasyon • Katanungan:** Personnel Commission Secretariat

☎058- 272- 8796 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

*May ilang posisyon para sa mga aplikante anuman ang nasyonalidad. Mangyaring makipag-ugnayan para sa mga karagdagang detalye.

●**Hanaping salita:** 岐阜県職員採用

Impormasyon “Sabo” Fair in Kaizu” (Kaligtasan sa Landslide Fair)

Isang masayang ebento ang isasagawa, ang “Sabo Walk Rally”, habang nagbibigay-daan ito sa kaalaman at maging pamilyar sa “Erosion & Landslide Project” (Sabo). Lahat ay inaanyayahang dumalo.

●**Petsa at Oras:** Hunyo 10 (Sabado), 10:00~ 15:00

●**Lugar:** Gifu Prefecture Landslide Prevention Study Center ・ Hanedani Dandan Park (Kaizu-shi Nanno-cho Okujyo)

●**Bayad:** Libre

●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefecture Landslide Prevention and Control Division

☎058- 272- 8621 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping salita:** 砂防フェア

Impormasyon Bagong Kategoriya ng Evacuation Preparation Information Title

Ang bagong titulo sa kategoriya ng Evacuation Preparation Information, na inilalabas ng munisipalidad sa kaganapan ng sakuna gaya ng malakas na ulan o bagyo ay binago noong Disyembre ng nakaraang taon.

Bigyang-pansin ang impormasyon sa paglisan mula sa inyong munisipalidad, at mag-ingat upang lumikas sa isang napapanahong oras kapag kinakailangan

【Paghahanda sa Paglisan/Pagsisimula ng Paglisan para sa mga Matatanda】

Magsisimulang lumikas ang mga matatanda may kapansanan, at mga taong nangangailangan ng oras lumikas habang ang karaniwang tao ay naghahanda sa paglisan.

【Rekomendasyon sa Paglisan】

Lahat ay dapat na mabilis lumikas sa itinakdang sentro ng ebakwasyon

【Evacuation Order (Emergency)】

Kung hindi pa rin nakakalikas, lumikas sa lalong madaling panahon. Kung sa iyong palagay ay mapanganib ang lumabas ng bahay sumilong sa pinakaligtas na parte ng iyong bahay.

●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefecture Disaster Prevention Division

☎058- 272- 1132 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●Hanaping salita: 避難準備情報 名称

Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Marso 31, 2017.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng **Gifu International Center** <http://www.gic.or.jp/>